

Community Based Organizations (CBO)
PRESENTASYON NA BIDYO PARA SA PAMPUBLIKONG KOMENTO
Budget and Appropriations Committee
Biyernes, Hunyo 25, 2021

[Pagtawag: 1 \(415\) 655-0001 / ID ng Miting: 146 586 5393 # #](tel:4156550001)
(*3 para sumali sa linya ng tagapagsalita o *3 ulit para umalis sa pila)

Mga Teknikal na Pangangailangan at mga Limitasyon sa Bidyo ng Komento

- Isumite ang inyong email address kay Alisa Somera, Legislative Deputy Director sa alisa.somera@sfgov.org para makapagparehistro at makakuha ng kakayahan sa pag-upload ng bidyo. *(Dahil sa bagong security firewall, kailangan namin iparehistro ang inyong email sa aming sistema para ito ay inyong ma-akses)*
- Kakailanganin ninyong tumawag para makapagbigay ng pampublikong komento at hingilin na maipalabas ang inyong bidyo na presentasyon; hindi ito ipapalabas kung hindi kayo tatawag sa amin.
- Kapag nakapaga-rehistro na, makatatanggap kayo ng kumpirmasyon at impormasyon sa pag-log in para sa inyong organisasyon.
- **1 Minuto** ang hangganan ng bawat tagapagsalita (puputulin ang bidyo kung ito ay mas mahaba)
 - Maaaring magkaroon ng 10 tagapagsalita sa 1 minuto bawat pagkakataon ang isang bidyo, na 10 minuto ang kabuuang haba (mas ninanais)
- Dapat **.mov** o **.mpeg4** ang format ng bidyo
- I-upload ang mga bidyo bago ng Huwebes, Hunyo 24, 2021 ng 5:00 p.m. sa:
<https://sftp.sfgov.org/EFTClient/Account/Login.htm#/>
Username: **CBO**
Password: **TJavU8R4** (case sensitive)
- Kung ang wikang ginagamit sa pampublikong komento ay hindi Ingles, mangyaring isalaysay lamang ang wika sa pangalan ng file (katulad ng halimbawa sa ibaba) nang makilala namin ito para sa asistensya sa wika, kung kakailanganin. Basahin ang seksyon sa ibaba, “Mga Pangangailang Pang-Interpretasyon,” para sa karagdagang impormasyon.
- Halimbawang kombensyon sa pagpangalan ng mga bidyo:
 - “Hospitality House - Alisa Somera” (isang indibidwal)
 - “Hospitality House - Alisa Somera - Spanish” (isang indibidwal, kailangan ng interpretasyon)
 - “Hospitality House - Alisa Somera, Wilson Ng - Spanish interpreted” (dalawang indibidwal, nagsasalita ng Espanyol at may interpreter na kasama)
 - “Hospitality House - Group of Ten Speakers [#]” (grupo ng 10 tagapagsalita) (Lagyan ng bilang ang [#] alinsunod sa pagkakaayos ng grupo ng mga bidyo na nais ipalabas)
- Pagkatapos i-upload ang lahat ng mga bidyo, sa katapusan ng araw ng Huwebes, Hunyo 24, 2021, paki-email ang huling bilang ng mga bidyo/tagapagsalita mula sa inyong organisasyon kay Alisa Somera, Legislative Deputy Director, sa alisa.somera@sfgov.org

Mas maaga at hindi bababa sa 48 oras o bago ng 10:00 am sa Miyerkules, Hunyo 23, 2021:

- Magpalista bilang isang Community Based Organization para makapagbigay at/o presentasyon na komentong naka-bidyo sa pamamagitan ng pag-email kay Alisa Somera, Legislative Deputy Director, sa alisa.somera@sfgov.org, kasama ang:
 - Pangalan ng organisasyon
 - Pangalan ng pangunahing kontak
 - Numero sa cell phone at email ng pangunahing kontak (hindi ang numero na inyong gagamitin sa pagtawag sa Public Comment Day/Araw ng Pamublikong Komento)
 - Numero sa telepono na inyong gagamitin sa Araw ng Pamublikong Komento

Sa Biyernes, Hunyo 25, 2021, Araw ng Pamublikong Komento:

- Tawagan ang numero sa telepono ng Pamublikong Komento ng 9:00 am para makipag-ugnayan sa staff nang magawa ang mga sumusunod:
 - Kumpirmahin ang lahat ng mga bidyo na natanggap at ayusin kung may problema
 - Matukoy kayo sa aming portal para subaybayan kayo
 - Masagutan namin ang anumang mga huling katanungan

Tatanggapin ang Pamublikong Komento, ayon sa sumusunod:

- 10:00 a.m. - 1:00 p.m.: Hinihikayat ang mga nangangailangan ng interpretasyon/pagsasalin at mga espesyal na akomodasyon
- Kapag sinimulan na ang pagtanggap ng mga tagapagbigay ng pamublikong komento mula sa mga CBO:
 - Kapag naka-unmute na inyong linya, pakisabi lamang ang isa sa dalawa 1) kayo ay kabahagi ng isang CBO at mayroong kasamang sunod-sunod na 10 tagapagsalita/caller o 2) kayo ay kabahagi ng CBO at nais ninyong ipalabas ang inyong bidyo sa pamublikong komento.
 - Tatanggapin namin ang 10 CBO Public Commenters/Tagapagsalita ng Pamublikong Komento mula sa isang organisasyon, kahit ito man ay isang presentasyon na komentong naka-bidyo (10 sa isang pagkakataon) o berbal na komento mula sa pisikal na lokasyon ng inyong organisasyon.
 - Pagkatapos ng inyong pagkakataon sa pagsasalita, pindutin ang *3 para tanggalin ang sarili mula sa linya at pindutin ang *3 nang muling sumali sa linya.
 - Pagkatapos ng unang pangkat ng mga CBO Public Commenters, tatanggapin namin ang lahat ng mga karaniwang tagapagsalita sa linya at babalikan namin muli ang susunod na pangkat ng mga CBO Public Commenter.

Mga Pangangailangang Pang-Interpretasyon

Lahat ng mga bidyo na ipinapahayag sa ibang wika (hindi Ingles) ay maaaring **ipadala ng magisa** at isasalin ito ng aming mga interpreter pagkatapos kumpletuhin ang 1 minutong pahayag.

Lahat ng mga bidyo na hindi Ingles at **mayroong kasamang pagsasalin o interpretasyon** ng kanilang komento ay dapat hindi hihigit ng 2 minuto, 1 para sa tagapahayag ng komento at 1 para sa interpreter.